COMITATO DEI GENITORI IC FRATELLI BANDIERA

C.F. 97905570582

EMAIL: genitorifratellibandiera@gmail.com

Minamahal naming mga magulang,

Mga paaala ukol sa mga bagong patakarang ipinatutupad para patuloy na pigilin ang paglaganap ng COVID-19 sa loob ng paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon maaaring kumonsulta sa sito ng ating paaralan: https://www.istruzione.it/rientriamoscuola/

MGA PARAAN PARA MAIWASAN ANG PAGKALAT NG COVID – ELEMENTARYA at HIGHSCHOOL

1.) Ugaliing kuhanin ang temperatura ng mga bata bago pumasok sa paaralan.

2.) Manatili sa bahay kung ang bata ay nakararamdam ng alinman sa sintomas gaya ng lagnat, ubo, masakit na lalamunan, pagsusuka at pagtatae.

3.) Kung sakali na isa sa miyembro ng pamilya ang mahahawahan ng virus ay importanteng maabisuhan ang doktor ng pamilya at ang paaralan. Maaaring tawagan ang numerong 1500 (emergenza Covid).

4.) Kinakailangang pumasok at lumabas sa oras na itinakda ng paaaralan.

5.) Ang mga estudyante ay kinakailangang magsuot ng surgical face mask pagpasok sa paaralan, sa pag-akyat sa kanilang silid-aralan, pagpunta sa banyo, pagpunta sa pisara, pagpunta sa canteen, sa gym, sa ibang silid-aralan, sa pasilyo, at sa lahat ng paglipat at sa pagkakataong hindi garantisado ang isang metro na distansya.

MGA PARAAN PARA MAIWASAN ANG PAGKALAT NG COVID – NURSERY at KINDERGARTEN

1.) Ugaliing kuhanan ng temperatura ang mga bata bago pumasok sa paaralan.

2.) Kung ang bata ay may sintomas gaya ng lagnat, ubo, sakit ng lalamunan, pagsusuka at pagtatae ay marapat na manatili sa bahay.

3.) Kung sakali na isa sa miyembro ng pamilya ang mahahawahan ng virus ay importanteng maabisuhan ang doktor ng pamilya at ang paaralan. Maaaring tawagan ang numerong 1500 (emergenza Covid)

4.) Hindi maaaring magdala ng mga bagay galing sa bahay sa loob ng paaralan (maliban na lang kung ito ay pacifier, pamalit na damit o kaya ay diaper).

5.) Ang mga batang 6 na taon pataas ay kinakailangang magsuot ng facemask at panatilihing malinis ang mga kamay.

6.) Ang mga bata ay kinakailangang magpalit ng sapatos sa pagpasok sa silid-aralan at magsuot ng medyas na non-slip o kaya naman ay tsinelas na pambahay na gagamitin lamang sa loob ng silid-aralan.

7.) Ang mga bata ay dapat na manatili sa bahay kung sakaling isa sa mga miyembro ng pamilya ay nakararanas ng sintomas ng Covid.

8.) Ang maliliit na bata 5 taon pababa ay di kinakailangang magsuot ng facemask.

Pinapayuhan ang mga estudyante at mga magulang na patuloy na irespeto ang pagdistansya sa karamihan, pagsusuot ng facemask at panatilihing laging malinis ang mga kamay. Iminumungkahi din ang pagdownload ng APP Immuni.

Maraming Salamat